

## **BALITANG INILABAS NG uFDA**

**Para Sa Agarang Pagpalabas:** Agosto 19, 2010

**Para sa Mga Katanungan:** Pat El-Hinnawy: 301-796-4763; [patricia.el-hinnawy@fda.hhs.gov](mailto:patricia.el-hinnawy@fda.hhs.gov)

**Consumer Inquiries:** 888-INFO-FDA

### **IMPORTANTENG-IMPORTANTE Pambansang Pagbabawi Sa Mga Itlog** *Ang Mga Itlog Na Nasa Balat (shell) Pa Nito Ay Maaaring Magdulot Ng Panganib Ng Salmonella Sa Mga Mamimili*

#### **Maiikling Katotohanan:**

- Ang kasalukuyang pagbabawi sa mga itlog na nasa balat pa nito, o “mga shell egg,” ay bahagi ng nagpapatuloy at masinsinang pagsasaliksik sa bahagi ng mga opisyal ng pamahalaang lokal, pang-estado at pederal sa dahilan ng mga kamakailang kaso ng *Salmonella* Enteritidis.
- Apektado sa pagbabawi na ito ang mga itlog na nagbubuhat sa Wright County Egg ng Galt, Iowa. Ang mga itlog ay ipinapakete sa magkakaibang tatak at ipinamamahagi sa buong bansa.
- Maaaring may taglay na *Salmonella* Enteritidis (SE) ang mga itlog na ito at maaaring pagmulan ng nakamamatay na sakit.
- Ang *Salmonella* ay maaaring magdulot ng malubha at minsan ay nakamamatay na impeksiyon sa maliliit na bata, sa mahihina o matatanda, at sa ibang may mahinang immune system.
- Nararapat na itapon ng mga mamimili ang produkto o ibalik ang mga ito sa tindahan.

#### **Ano ang Problema?**

May pagkalat (outbreak) ng *Salmonella* Enteritidis (SE) na nagdulot ng karamdaman sa daan-daang bilang ng mamamayan sa bansa ay dahilan ng pagbabawi sa mga shell egg.

#### **Ano ang Ginagawa tungkol sa Problemanang Ito?**

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at sa mga kasapi sa kalusugang pampubliko ng estado, pinag-aaralan ng FDA ang mga dokumentong pananaliksik na pang-epidemiologic at pangkapaligiran at kinilala nito ang 3 sa pinakamalaking pagkakatipon (cluster) ng mga kaso ng karamdamang *Salmonella* Enteritidis. Nasiwalat sa mga pagtunton ang Wright County Egg sa Iowa bilang karaniwang taga-supply ng mga shell egg sa mga pagkakatipon na ito.

Noong Agosto 13, kusang nagsagawa ng pambansang pagbabawi sa mga shell egg ang Wright County Egg sa 3 ng 5 nitong itlugaan (farm). Matapos matunton ang impormasyong mula sa karagdagang pang-epidemiologic na pananaliksik, nauwi sa pagpapalawak ng Wright County Egg sa kanilang pagbabawi noong August 18 para masaklaw ang 5 itlugaan nito at 380 milyong itlog (ayon sa mga tala ng kompanya).

Inilunsad na ng Ahensiya ang pang-emergency operations command center nito gamit ang mga siyentipiko, mga imbestigador, mga epidemiologist, at mga dalubhasa sa komunikasyon. Bilang karagdagan, naglunsad na rin ang FDA ng unang team ng 10 imbestigador sa Wright County Egg

sa Iowa para magsaliksik sa mga itluga at nang matukoy ang pinagmumulan ng kontaminasyon. Mas marami pang imbestigador ang ikinakalat para makatulong sa mismong mga lugar (on-site), at hinahanap ang pinagmumulan ng kontaminasyon. Nagsasagawa ang mga imbestigador ng pagtatasa sa kapaligiran ng mga itluga pati na sa mga pamamaraan nito tulad ng pagsupil sa mga peste at mga hayop na nangangagat (rodents), mga biosecurity plan, mga pagmanman sa kapaligiran, mga pamamaraan sa kalinisan, at pinagkukunan ng ipinapakain.

Sinisimulan ng FDA ang pagtiyak sa bisa ng pagbabawi, nagsasagawa ng mga pagsiyasat sa mga tindahan, mga wholesaler at mga distributor para matiyak na ang mga binabawing shell egg ay natatanggal na sa pamilihan.

Nasa nagpapatuloy na kasunduan ang FDA sa Wright County Egg ang pagtiyak na may sapat na pamamaraang pang-iwas na ipatutupad para mabawasan ang pag-ulit ng ganitong panganib.

### **Anu-ano ang mga Sintomas ng Sakit?**

Ang mga taong malusog na may impeksiyon ng *Salmonella* ay karaniwang nakararanas ng lagnat, pagtatae (na maaaring may dugo), pagduduwal, pagsusuka at pananakit ng tiyan. Sa ilang di-karaniwang pagkakataon, maaaring mauwi ang impeksiyong *Salmonella* sa pagpasok ng organismo sa daluyan ng dugo at nagdudulot ng higit pang bilang ng malulubhang karamdaman tulad ng mga arterial infection (infected aneurysms), endocarditis at arthritis.

### **Sino ang nasa Panganib?**

Ang *Salmonella* ay maaaring magdulot ng malubha at minsan ay nakamamatay na impeksiyon sa maliliit na bata, sa mahihina o matatanda, at sa ibang may mahinang immune system.

### **Ano ang Kailangang Gawin ng Mga Mamimili?**

Huwag kakain ng mga itlog na binabawi. Dapat na itapon ng mga mamimiling may taglay na binabawing itlog ang mga ito o ibalik ang mga ito sa pinagbilhan para mabawi ang ibinayad. Ang mga taong inaakalang maaaring nagkakasakit sila dahil sa pagkain ng mga binabawing itlog ay dapat na magpatingin sa kanilang doktor. Kung hindi nakatitiyak ang mga mamimili sa pinagmulan ng kanilang nabiling itlog, hinihimok silang huwag kakainin ang mga ito at itapon agad-agad.

### **Ano Ang Hitsura Ng Produkto?**

Ang mga shell egg na nasasaklaw ng pagbabawi noong Agosto 13, 2010 ay nakapakete sa mga pangalan na: Lucerne, Albertson, Mountain Dairy, Ralph's, Boomsma's, Sunshine, Hillandale, Trafficanda, Farm Fresh, Shoreland, Lund, Dutch Farms at Kemps. Ang mga shell egg ay nakapakete sa mga kartong pang-6, mga kartong pang-12, mga kartong pang-18, at hiwa-hiwalay na itlog na may Julian date mula 136 hanggang 225 at numero ng planta na 1026, 1413 at 1946.

Ang mga binabawing shell egg na apektado ng pinalawak na pagbabawi at nakapakete sa mga tatak na: Albertsons, Farm Fresh, James Farms, Glenview, Mountain Dairy, Ralphs, Boomsma, Lund, Kemps at Pacific Coast. Ang mga itlog ay nakapakete sa iba't-ibang sukat ng karton (mga kartong pang-6, pang-12, at pang-18, at hiwa-hiwalay na itlog na pang-institusyon at muling pagpapakete) na may mga Julian date mula 136 hanggang 229 at mga numero ng planta na 1720 at 1942.

Ang mga petsa at mga code ay matatagpuang nakatatak sa dulo ng itlog o nakalimbag sa etiketa ng lalagyan. Ang numero ng planta ay nagsisimula sa titik P at kasunod ang numero. Ang Julian date ay kasunod ng numero ng planta , halimbawa: P-1720 223.

### **Saan ito Ipinamamahagi?**

Apektado ng pagbabawi ang mga itlog na naipadala mula Mayo 16, 2010 na ipinadala sa mga wholesaler ng pagkain, mga distribution center at mga kompanyang nagbebenta ng pagkain sa California, Illinois, Missouri, Colorado, Nebraska, Minnesota, Wisconsin, Arizona, Texas, Georgia, Washington, Oregon, Nevada, Utah, Arkansas, Oklahoma at Iowa.

### **May kapangyarihan ba ang FDA na magsiyasat sa mga itlugan?**

Noon, nakapagsiyasat ang FDA sa mga itlugan sa pamamagitan ng malawak nitong kapangyarihang maiuugnay sa pagkain, at nagtutuon sa mga pagawaang (farm) na naiuugnay sa mga pagbabawi. Ang patakaran sa itlog, na kamakailan lang ipinatupad sa malalaking itlugan noong Hulyo 9, 2010, ay nagkakaloob ng mga tukoy na kinakailangang naipatutupad para sa mga nagsu-supply ng itlog na makapagpapatiyak sa pagsunod sa mga ito.

Sa Karaniwan, ang USDA ay siyang may pananagutan sa kaligtasan sa itlog sa mga tinatawag na breaker plant o mga processing facility ng produktong mula sa itlog. Sa mga pasilidad na ito, ang mga itlog ay binibiyak at idinadaan sa pasteurization. Pananagutan ng FDA ang kaligtasan sa shell egg at mga produktong mula sa itlog oras na lumisan ito mula sa breaking facility.

### **Para sa Karagdagang Kaalaman:**

- [Bersiyong Español ng News Release](#)
- [Paano ko matutukoy na binabawi ang mga itlog na taglay ko?](#)
- [FoodSafety.gov](#)
  - [Mga Itlog at Mga Produktong Mula sa Itlog](#)
  - [Salmonella](#)
- [Karagdagang Kaalaman tungkol sa Salmonella Outbreak sa mga Shell Egg](#)
- [CDC: Mga Tip para Mabawasan Ang Panganib Ng Salmonella mula sa Itlog](#)